REPUBLIKA NG PILIPINAS
HUKUMAN NG PAGHAHABOL SA BUWIS
LUNGSOD QUEZON

MAY, INC.,
May-kahilingan,

-laban sa-

KOMISYONADO NG RENTAS INTERNAS,
Nananagutan.

H.P.B. USAPIN BLG. 1462

x - - - - - - - - - - - - - - - x

# K A P A S I Y A H A N

Ang may-kahilingan ay nagharap ng isang "Petisyon na Pawalang-saysay" ang kanyang "Kahilingan na Muling Suriin" (PETITION FOR REVIEW) sa dahilang nagkaroon ng pagkakaayos. Ang tasasyon ay nagkaroon ñg pagbabago na sa halip ñg dating sinisingil na ₱12,235.45 para sa 1958, ₱14,811.36 para sa 1959, ₱14,082.29 para sa 1960, at ₱102,650.53 para sa 1961, ang halagang ₱50,000.00 ay naging kasiya-siya na sa nananagutan (Exh. "A"), at ang buong halagang ito ay binayaran naman ñg may-kahilingan, R. O. Blg. C412-, 0972, na may petcha Agosto 5, 1965 (Exh. "B").

DAHIL DITO, ang "Kahilingan na Muling Suriin" ang usaping ito ay pinawawalang saysay ñg walang kostas.

IPINAGUUTOS.

Lungsod Quezon, ika-13 ñg Setyembre, 1965.

(LGD) TEOFILO D. REYES, AMA
Tagapangulong Hukom

(LGD) ALEJANDRO B. AFURONG
Kagawad na Hukom

(LGD) ROMAN M. UMALI
Kagawad na Hukom